
Rest and Recreation
RNR 2018
06-08 June 2018
Sariaya, Quezon

# REST AND RECREATION

Ang RNR ay isang taunang aktibidad na isinasagawa ng organisasyon para sa kapakanan ng mga empleyado. Ito ay isang mahalagang kaganapan na ang layunin ay mapalalim pa ang pagtataya at dedikasyon ng mga empleyado.

Ang RNR sa taong ito ay mayroong 214 participants at ito ay ginanap sa Dalampasigan Beach and Pool Resort sa Sariaya, Quezon noong ika-anim hanggang ika-walo ng Hunyo, 2018.



*Photo taken by John Ray Piedad*

"Ang RNR ay panahon sa kalendaryo ng Kasagana-ka kung saan pumipili tayo ng magandang lugar upang makapagpasaya at makapagpahinga para maalis ang stress sa trabaho, at pagbalik natin ay may panibagong lakas tayo sa pagganap sa ating mga tungkulin."


**-SM Bennie Lafuerza, North Sector**






K-Himig 2018

Ang unang gabi ay inilaan para sa programa ng K-Himig, ito ay jingle-making contest na nilahukan ng sampung clusters mula sa North, Central, East, at South Sector. Sa contest na ito ay naipamalas ng mga empleyado ang kanilang pagiging malikhain at husay sa pag-awit at pagtugtog.


Ang mga tanging bilang mula sa mga empleyado ay nagdagdag ng saya at kaaliwan sa bawat isang dumalo sa programa.
RNR


COME TO
K-HIMIG 2018
GRAND CHAMPION
RNR
Ang itinanghal na Grand Champion para sa K-Himig ay ang North 3, East 2 naman ang 1st place, at 2nd place ang Central 1.
Ako, ikaw, tayo ang Kasagana.



"Maraming salamat po sa mga bumoto na mapili ang ginawang kanta ng North 3. Para po sa atin ito at sa ating mga miyembro na ating inspirasyon para mabuo ang kanta na ito."

**SOM Carlo Moina, mula sa Baliuag SatO**



Photo taken by John Ray Piedad

# TEAM BUILDING ACTIVITES

Sa umaga ng ikalawang araw ay mayroong Team Building Activities na inihanda ang grupo ng Traverse. Hinati ang mga empleyado sa walong grupo: Yellow, Orange, Maroon, Violet, Apple Green, Pink, Sky Blue, at White.

Mayroong sampung activities na sumubok sa pagiging malikhain at malakas ng bawat grupo. Bawat aktibidad ay mayroong itinuturong aral na makakapagpatibay ng samahan ng bawat empleyado.




*Photo taken by John Ray Piedad*




"Napakasayang experience ng pagkapanalo na yun. Parang ang simple lang kasi ng mga laro pero intense. Una pa lang ay nakita ko na ang determinasyon ng team namin na manalo... sa bawat laro kahit hindi lahat makasali ay talagang masaya ang lahat, may suportahan pa din sa mga naglalaro. Lahat naka-focus sa aim ng aming grupo na manalo."

**- SOM Mary Rose Gimeno, member ng Yellow Team**




*Photo taken by Ellen Faye Castaloni*

Ang RNR ay isang magandang pagkakataon upang makasama natin ang ating mga kapwa empleyado. Panahon din ito upang makapag-relax at makapagpahinga mula sa ating mga trabaho.

Ito ay isang benepisyo mula sa organisasyon para sa kapakinabangan ng mga empleyado. Ang ating RNR ay bunga ng ating pagsusumikap sa ating mga trabaho at pangangalaga sa ating mga nanay-member. Kaya naman, ang isang masayang RNR ay nasa kamay ng bawat isa.

**JUNE 2018**